



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Mabuting Wakas



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Patuloy ang ating paglalakbay kasama ng paglipas ang mga araw at gabi sa ibabaw ng mundong pansamantala patungo sa hangganan nito at simula ng walang hanggang buhay sa kabila. Ang buhay, gaano man ang rangya nito at saya ay katiyakang magwawakas. Kaya't pinagpala ang mga silang may dalisay na puso at inabutan ng mabuting wakas, katotohanang ang mga gawain ng tao sa mundo ay huhusgahan ayon sa kinawakasan nito.

Sinuman ang nagnanais na magkaroon ng mabuting wakas ay kailangang tumahak sa landas ng kabutihan. Sapagkat ang pagwawakas ng buhay ng isang tao ay salamin lamang ng kanyang nakaraan. Katotohanang ang mga gawaing mabuti na lingid at nakatago mula sa paningin ng iba ang siyang may pinakamalaking pakinabang para sa tao at magpapatatag sa kanyang pananampalataya sa Allah sa oras ng kanyang kamatayan, katulad ng pagsasagawa ng salah sa kalaliman ng gabi, pag-alaga sa maysakit, pagtulong sa mahihirap at pagbibigay-kalinga sa mga balo at ulila. Sinabi ng Allah: [**Gagawin ng Allah na maging matatag ang siyang nanampalataya sa Kanya sa pamamagitan ng matibay na pananalita dito sa mundo at sa kabilang-buhay...**]Ibrahim 27. Samakatuwid, patatatagin ng Allah ang mananampalataya sa oras ng kanyang kamatayan at kapag siya ay tatanungin na ng mga anghel sa libingan. Katiyakan, ang palagiang pag-alala ng isang mananampalataya sa Allah at pagmumuni-muni tungkol sa araw ng paghuhukom ay magliligtas sa kanya mula sa mapanlinlang na kasiyahan ng mundo. Ang mga mabubuting gawain ay katiyakang gagabay sa tao tungo sa tuwid na landas hanggang sa kanyang pagbabalik sa kanyang Panginoon. Sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [**Kapag ninais ng Allah ang kabutihan para sa Kanyang lingkod ay Kanya itong pakikilusin.**] mayroong nagtanong: "Papaano siya pakikilusin ng Allah?", sumagot ang Sugo(saws): [**Gagabayan siya ng Allah tungo sa paggawa ng kabutihan bago siya abutan ng kamatayan.**]

Ang kaibahan ng kamatayan ng mga mananampalataya sa silang mga suwail, ay ang pagnanais ng silang mga mabubuti na makasama at makaharap ang Allah. Kanilang inaasam-asam ang pagpapala at gantimpala Niya, katotohanang sinuman ang siyang nagnanais na makasama at makaharap ang Allah ay nais rin ng Allah na siya ay makasama at makaharap. Sinabi ng Propeta Muhammad: [**Sinuman ang nagnanais na makaharap ang Allah, ay katotohanang ninanais rin ng Allah na siya ay makaharap.**]. Kapag naipaabot sa isang mananampalataya ang magandang balita ng habag at pagkalugod ng Allah sa kanya sa oras ng kanyang kamatayan, ay katotohanang nanaisin niyang makaharap at makasama ang Allah. Ang mabubuting gawain ng isang muslim ay palatandaan ng kanyang tamang pananampalataya sa Allah at katatagan nito. Kaya't sinuman ang siyang nagnanais na ang kanyang huling mga kataga sa mundong ito ay "La Ilaha Illallah", ay dapat niyang pagsikapang gampanan ang mga kondisyon at alituntuning napapaloob rito, nang sa gayon ay kanyang anihin ang mga bunga nito sa oras ng kanyang kamatayan. Katotohanang sinabi ng sugo na sinuman ang siyang kanyang huling salita sa mundong ito ay "La Ilaha Illallah" ay katotohanang papasok sa Jannah-Paraiso.

Ang pag-iisip ng mabuti tungkol sa habag at awa ng Allah, ang siyang pinakamabuting garantiya para sa isang mananampalataya na magiging mabuti ang kanyang wakas sa mundong ibabaw. Katiyakan, ang mabuting pag-iisip tungkol sa Allah ay gagabay sa tao tungo sa paggawa ng kabutihan, matibay na pananalig at pagpapakupkop sa habag at awa ng Allah sa oras ng kamatayan. Sa oras ng kamatayan, ang isang tao ay wala ng magagawa pang mabubuting gawain maliban sa pananalig sa puso at pagnanais ng kabutihan at habag ng Allah. Katotohanang sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [**Hindi ganap ang pananampalataya ng sinuman sa inyo, maliban sa siyang mabuti ang pag-iisip tungkol sa Allah.**]

O Allah! Nawa'y biyayaan Niyo kami ng mabuting wakas at pagtanggap ng aklat sa pamamagitan ng kanang kamay. Ameen.